Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:_________________ Petsa Nang Natapos:_____________ Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Ang Relatibong Lokasyon ng Pilipinas**

**PANUTO:** Unawain ang bawat tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Saang rehiyon sa Asya matatagpuan ang Pilipinas?
   - a. Hilagang Asya
   - b. Kanlurang Asya
   - c. Timog-Kanlurang Asya
   - d. Timog-Silangang Asya

2. Alin sa sumusunod ang totoo tungkol sa lokasyon ng Pilipinas?
   - a. Ito ay nasa ilalim ng ekwador.
   - b. Ito ay nasa Hilagang Hatingglobo.
   - c. Ito ay nasa Silangang Asya.
   - d. Ito ay nasa kanlurang longhitud.

3. Sa kasalukuyan, ilan ang tinatayang kabuoang bilang ng mga pulo sa Pilipinas?
   - a. 7,100
   - b. 7,107
   - c. 7,600
   - d. 7,641

4. Saan nagtatagpo o nagsasalubong ang mga linyang parallel at meridian sa mapa o globo?
   - a. grid
   - b. latitud
   - c. longhitud
   - d. prime meridian

5. Ano ang tawag sa lapat na representasyon ng mundo?
   - a. almanac
   - b. atlas
   - c. globo
   - d. mapa

6. Alin ang tumutukoy sa relatibong lokasyon na nakabatay sa mga kalupaan na nakapalibot sa isang bansa o lugar?

a. bisinal na lokasyon

b. insular na lokasyon

c. sekundaryang lokasyon

d. tiyak na lokasyon

7. Alin ang tumutukoy sa relatibong lokasyon na nakabatay sa mga katubigan na nakapalibot sa isang bansa o lugar?

a. bisinal na lokasyon

b. insular na lokasyon

c. sekundaryang lokasyon

d. tiyak na lokasyon

8. Paano nakatutulong ang lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasaysayan nito?

a. Ang lokasyon ng Pilipinas ay umaakit sa mga dayuhan upang magtayo ng kanilang negosyo rito.

b. Nahirapan ang mga manlalayag at mangangalakal na marating ang Pilipinas upang makipagkalakalan.

c. Dahil ito ay napalilibutan ng mga katubigan, ang lokasyon ng Pilipinas ay nagdulot ng pag-angat ng kabuhayan ng lahat ng mga naninirahan dito.

d. Napabuti nito ang ugnayan ng mga Pilipino sa mga karatig-bansang Asyano sa pamamagitan ng kalakalan at palitan ng kaalaman, kultura, at kalinangan mula noon haggang sa kasalukuyan.

9. Alin sa sumusunod na pahayag tungkol sa lokasyon ng ating bansa ang nagsasaad ng katotohanan?

a. Ang bansang Pilipinas ay may napakainam na lokasyon kung kaya napakaunlad nito.

b. May peligrong dulot ang lokasyon ng Pilipinas dahil madali itong masasakop ng ibang bansa.

c. Ang lokasyon ng Pilipinas ay delikado dahil maaari itong maipit sa tunggalian ng mga bansang makapangyarihan.

d. Ang lokasyon ng Pilipinas ay mayroong mabuti at masamang epekto sa buhay, ari-arian, kabuhayan, at pag-unlad ng mga tao.

10. Alin sa sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa absolute o tiyak na lokasyon?

a. Nakabatay ito sa mga nakapalibot na kalupaan at katubigan sa isang lugar o bansa.

b. Nakabatay lamang sa compass rose ang pagtukoy sa tiyak na kinaroroonan ng isang lugar o bansa.

c. Ginagamit ang grid na makikita sa globo o mapa upang matukoy ang tiyak na lokasyon ng isang lugar o bansa.

d. Hindi na kailangan pang malaman ang tiyak na kinaroroonan ng isang bansa dahil matutukoy na ito sa pamamagitan ng mga online app.